Mensahe Labindalawa

Ang Kasintahang lalaki, ang Paggulang ng Kasintahang babae, at Pagiging isang Mandirigma upang Talunin ang Kaaway ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Juan 3:29a; Mat. 9:15; Heb. 6:1; Apoc. 19:7

I. Si Kristo ang Kasintahang lalaki—Mat. 9:14-15; 22:2-3; 25:1, 5-6, 10:

A. Sa buong sansinukob ang pinakakaaya-ayang persona ay si Hesus bilang Kasintahang lalaki.

B. Sinabi ni Juan Bautista, "Siya na may kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki"—Juan 3:29a.

C. Inilahad ni Hesus ang Kanyang sarili bilang Kasintahang lalaki—Mat. 9:14-15; Marc. 2:19:
   1. Sa katapusan ng Biblia, mayroon tayong katawagang *ang asawa ng Kordero*—Apoc. 21:9.
   2. Ang Kordero ng Diyos (Juan 1:29) ay ang Manunubos, subalit ang Kordero na nag-alis ng ating mga kasalanan sa krus ay siya atin ring Kasintahang lalaki para sa kasal (Apoc. 19:7).

D. Sa presensiya ng Kasintahang lalaki, ang takot ay hindi umiiral; kapag nahihipo natin ang presensiya ng Panginoon, nahihipo Siya bilang Kasintahang lalaki, nahihipo natin ang Kanyang pagiging kaibig-ibig, katamisan, at kasariwaan; Siya ay lubhang kaibig-ibig!

E. Ang unang saknong ng *Mga Himno,* #170 ay nagsasabi, "Panginoon Nobyong ibig, / Hirang ng Diyos, sa amin; / Ganda Mo'y kaakit-akit, / Sa puso ay marikit."

F. May apat na paraan (o aspekto) upang magkaroon tayo ng pagtatamasa kay Kristo bilang ating Kasintahang lalaki:
   1. Una, tayo ang mga kasama sa silid-kasalan na nagtatamasa sa Kasintahang lalaki—Mat. 9:15.
   2. Ikalawa, tayo ang mga panauhing nagtatamasa sa Kanya bilang ating piging—Luc. 14:15-17; Apoc. 3:20; 19:9.
   3. Ikatlo, tayo ang mga birheng nagtatamasa sa pagdating ng Kasintahang lalaki—Mat. 25:1-13.
   4. Ikaapat, tayo ay magiging kasintahang babae upang tamasahin ang Kasintahang lalaki sa sukdulan—Apoc. 19:7.

G. Ang direksiyon ng pagkilos ng Panginoon ngayon ay ang ihanda ang kasintahang babae bilang kapareha ng Kasintahang lalaki para sa walang hanggang pag-aasawa ng nagtutubos na Diyos sa Kanyang mga tinubos—bb. 7-8; 21:1-2, 9-10.

H. Kailangan nating matanto na bilang Kasintahang lalaki, ang Panginoong Hesus ay ang darating na Isa:
   1. Siya ay darating upang tagpuin tayo bilang Kanyang kasintahang babae.
   2. Ang pahayag hinggil sa pagdating ng Panginoon ay nakapaloob sa Kanyang pagiging Kasintahang lalaki.

II. Kailangan nating makita at maunawaan ang paggulang ng kasintahang babae—2 Cor. 3:18; Roma 8:29; Efe. 4:13, 15; Heb. 6:1; Apoc. 19:7b; 21:2, 9:

A. Sinasabi ng Apocalipsis 19:7b, "Ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili."

B. Sa paggulang ng dibinong buhay, ang mangingibig ni Kristo ay nagiging Shulamita (ang pambabaeng anyo ng *Solomon*), nagpapahiwatig na siya ay naging pagpaparami at duplikasyon ni Kristo upang tumugma sa Kanya para sa kanilang pag-aasawa—A. A. 6:13; Apoc. 21:2, 9-10.

C. Ang kahulugan ng salitang *gumulang* sa Griyego ay "sa huling punto":

1. Ang matransporma ay ang metabolikong mabago sa ating natural na buhay; ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin—Heb. 6:1; Col. 4:12; Roma 12:2; 2 Ped. 1:3.
2. Ang huling yugto ng transpormasyon ay paggulang, ang kapuspusan ng buhay—bb. 4-8.
3. Ang isang gumulang na mananampalataya ay nakakikilala at nangangalaga sa Katawan ni Kristo, may kamalayan sa Katawan at nakasentro sa Katawan—1 Cor. 12:16, 18-19, 21, 24.

D. Gaya ng paggamit sa Bagong Tipan, ang salitang *gumulang* ay tumutukoy sa mga mananampalatayang ganap nang lumago at napasakdal sa buhay ni Kristo, na kanilang tinanggap sa panahon ng pagkasilang na muli—Tito 3:5; 1 Ped. 1:3, 23; Mat. 5:48:
1. Hindi tayo dapat kailanman makontento sa ating sarili kundi maghabol sa paglago at paggulang sa buhay ni Kristo—Fil. 3:12, 14.
2. Kailangan tayong magpatuloy, madala sa paggulang sa pamamagitan ng paglimot sa mga bagay na nasa likuran at pagtungo sa mga bagay na nasa unahan, naghahabol tungo sa pinakalubos na pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo para sa sukdulang pagtatamasa kay Kristo sa milenyal na kaharian—bb. 12-15.
3. Ang paunang kahingian para sa paggulang sa espiritwal na buhay ay ang patuloy na lumago sa dibinong buhay—Efe. 4:15.
4. Ang sukdulang kinalabasan ng paglago at paggulang ng mga mananampalataya sa buhay ni Kristo ay ang ganap na lumagong tao—ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo na lumalago tungo sa isang gumulang na tao—b. 13.

E. Sa kanyang Liham, ginagamit ni Santiago ang paglalarawan ng isang magsasaka na sabik na naghihintay nang may pagtitiis sa mahalagang bunga ng lupa—5:7:
1. Ang Panginoong Hesus sa katunayan ay ang tunay na Magsasaka, ang namumukod-tanging Magsasaka—Mat. 13:3.
2. Habang naghihintay tayo nang may pagtitiis sa pagdating ng Panginoon, Siya, bilang tunay na Magsasaka, ay naghihintay nang may pagtitiyaga sa ating paggulang sa buhay, bilang mga unang bunga at ani ng bukid—Apoc. 14:4, 14-15.
3. Kung mananalangin tayo, "Panginoon, bumalik Ka kaagad," maaaring sabihin ng Panginon, "Habang hinihintay ninyo ang Aking pagbabalik, hinihintay Ko ang inyong paggulang; tanging ang inyong paggulang ang makapagpapabilis ng Aking pagbabalik."
4. Isang malaking tulong na matanto natin na kung seryoso tayo sa paghihintay sa pagbabalik ng Panginoon, kailangan nating lumago sa buhay tungo sa paggulang.

F. Ang gumulang ay ang ganap na mahubog si Kristo sa atin; nangangahulugan din ito na tayo ay ganap nang natransporma tungo sa Kanyang larawan—Gal. 4:19; 2 Cor. 3:18:
1. Mula sa panahon ng ating pagkasilang na muli, gumagawa na ang Panginoon sa loob natin upang magkaroon tayo ng Kanyang larawan—b. 18; Roma 8:29.
2. Kapag ganap nang naisagawa ng Panginoon ang Kanyang larawan tungo sa atin at lubusang nahayag sa pamamagitan natin, tayo ay gugulang sa buhay—Efe. 3:16-17.

III. Ang ekklesia bilang kasintahang babae ni Kristo ay kailangang maging isang mandirigma upang talunin ang kaaway ng Diyos—5:25-27; 6:10-18; Apoc. 19:7-9, 11-16:

A. Inilalarawan ng Colosas 2:15 ang digmaan na naganap sa panahon ng pagkapako sa krus ni Kristo; nang panahong iyon ang krus ni Kristo ay ang sentro ng sansinukob.

B. Ang layunin ng espiritwal na pakikidigma ay ang ipasok ang kaharian ng Diyos—Apoc. 12:10.

C. Ang espiritwal na pakikidigma ay isang bagay ng Katawan; tayo ay isang sama-samang hukbo na nakikipaglaban para sa mga interes ng Diyos sa lupa—17:14; 19:14; cf. 2 Tim. 2:4.

D. Darating si Kristo bilang nakikipaglabang Heneral kasama ang Kanyang kasintahang babae bilang Kanyang hukbo upang labanan si Antikristo sa Armageddon—Apoc. 19:11-21:

1. Kapag dumating si Kristo kasama ang Kanyang hukbo, darating Siya bilang Anak ng Tao—Mat. 26:64; Apoc. 14:14.
2. Bilang Anak ng Tao, kakailanganin Niya ang isang kapareha upang tumugma at kumumpleto sa Kanya; ang kaparehang ito ang magiging Kanyang kasintahang babae—21:2, 9.
3. Pakakasalan ni Kristo ang mga mandaraig, na nakapanaig na sa masamang isa.
4. Ang damit pangkasal—si Kristo na naipamumuhay sa atin bilang ating pang-araw-araw na katuwiran—ay hindi lamang ginagawang kuwalipikado tayo upang dumalo sa kasalan bagkus upang sumali rin sa hukbo na kasama ni Kristo sa pakikipaglaban sa Antikristo sa digmaan sa Armageddon—Mat. 22:11-12; Apoc. 19:7-8, 14.

E. Sa Awit ng mga Awit ay makikita natin na ang nananaig na mangingibig ni Kristo ay nagiging kasingganda ng Tirzah at kasinghalina ng Herusalem; gayunpaman, sa kaaway siya ay kasingkilabot ng hukbo na may mga watawat—6:4, 10:
   1. Ang mga mangingibig ni Kristo ay dapat maging kahali-halina at kasabay nito ay kakila-kilabot; gayunpaman, maraming mananampalataya ang naiwala na ang kanilang pagiging kahali-halina sa harap ng Panginoon at ang kanilang pagiging kakila-kilabot sa harap ng kaaway—bb. 4, 10:
      a. Ang mangingibig ni Kristo ay maganda at kaakit-akit sa harap ng Panginoon, kasinsolido ng makalangit na lunsod at kasimpayapa ng santuwaryo; kasabay nito, itinatanghal niya ang kaluwalhatian ng kanyang tagumpay sa harap ng kaaway at ng sanlibutan—bb. 4, 10.
      b. Ang nananaig na mangingibig ni Kristo ay hindi lamang may kinabukasan na punô ng pag-asa at buhay na lubusang makalangit, bagkus siya rin ay isang matagumpay na palaging namumuhay sa kanyang tagumpay—3:7-8.
   2. Ang kakila-kilabot na hukbo ay sumasagisag na ang mga mandaraig ng Panginoon ay nagdudulot ng sindak sa kaaway ng Diyos, si Satanas—6:4, 10:
      a. Ang kaaway ay natatakot sa ekklesia na naitatayo bilang lunsod ng Diyos—Neh. 6:15-16; Awit 102:12-16.
      b. Si Satanas ay hindi takot sa mga mapag-isang Kristiyano, kahit pa ang bilang nila ay libo-libo, subalit nasisindak sa ekklesia bilang Katawan ni Kristo, ang sama-samang mandirigma na nakikipaglaban sa kanya at sa kanyang kaharian—Efe. 6:10-20.

F. Si David ay sumasagisag sa nakikipagdigmang Kristo sa gitna ng mga pagdursa (1 Sam. 25:28), at si Abigail ay sumasagisag sa nakikipagdigmang ekklesia, nakikipaglaban para sa kaharian ng Diyos sa gitna ng mga pagdurusa (bb. 2-42):
   1. Simula sa 1 Samuel 25 hanggang sa mga sumusunod, si Abigail ay palaging nasa tabi ni David na mandirigma at sumunod sa kanya sa kanyang mga pakikidigma—bb. 40-42.
   2. Ang pag-aasawa ni Abigail kay David ay sumasagisag sa ekklesia na itinala bilang isang hukbo para sa pakikidigma—Efe. 6:10-20.
   3. Inilalarawan ng sagisag ni Abigail ang pakikilahok ng ekklesia kasama ni Kristo Hesus sa espiritwal na pakikidigma:
      a. Hindi lamang kailangang matupad ang walang hanggang layunin ng Diyos at masiyahan ang kanaisan ng Kanyang puso, bagkus kailangan ding matalo ang kaaway ng Diyos; para dito, ang ekklesia ay kailangang maging mandirigma.
      b. Ang espiritwal na pakikidigma ay kinakailangan dahil ang kalooban ni Satanas ay laban sa kalooban ng Diyos—Mat. 6:10; 7:21; Isa. 14:12-14:
         1) Ang espiritwal na pakikidigma ay nagmumula sa tunggalian sa pagitan ng dibinong kalooban at makasatanas na kalooban.
         2) Bilang ekklesia, ang ating pakikipaglaban ay upang supilin ang makasatanas na kalooban at upang talunin ang kaaway ng Diyos—Apoc. 12:11.

3) Ang ating espiritwal na paglakad ay para sa katuparan ng layunin ng Diyos, ang ating pamumuhay ay para sa kasiyahan ni Kristo, at ang ating pakikidigma ay para sa pagtalo sa kaaway ng Diyos at upang mapanatili ang Kanyang tagumpay.

G. Sa pamamagitan ng espiritwal na pakikidigma, ang walang hanggang layunin ng Diyos ay ganap na naisasakatuparan; "ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon at ng Kanyang Kristo, at Siya ay maghahari magpakailan pa man"—11:15b.

© 2026 Living Stream Ministry